**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG**
Miyerkules, Mayo 22, 2024

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:**
Karina Rivera, Alameda Alliance for Health
510-499-3419
krivera@alamedaalliance.org

---

**ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH, INANUNSYO ANG BAGONG MIYEMBRO NG LUPON**

Tosan, O. Boyo itinalaga sa Katungkulan sa Ospital ng County ng Alameda.

**Alameda, CA –** Inanunsyo ngayong araw ng Alameda Alliance for Health (Alliance), ang lokal na planong pangkalusugan na nagbibigay ng access sa mga serbisyo sa kalusugan para sa mahigit 400,000 residente ng County ng Alameda, na itinalaga si G. TosanBoyo sa Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance. Ang lupon ay ang nangangasiwang grupo ng Alliance at binubuo ng 19 na miyembro ng lupon na kumakatawan ng mga partikular na grupo ng stakeholder kasama ang mga doktor, klinika ng kalusugan sa komunidad, lokal na safety net na ahensya, at consumer ng Alliance.

"Bilang matagal nang lider sa pangangalagang pangkalusugan na nakatuon sa pag-aalis sa mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan, magbibigay si Mr. Boyo ng natatanging pananaw sa ating Lupon ng Mga Goberndor," sabi ni Matthew Woodruff, ang CEO ng Alliance. "Kumpiyansa akong matutulungan niya ang Alliance sa pag-usad sa ating layunin at hangarin tungo sa pinakamainam na kalusugan at kapakanan para sa ating mga miyembro at sa mas malaking komunidad."

Si Mr. Boyo ang Presidente ng Sutter Health's East Bay Market, at siya ay sumusubaybay ng 6 na Ospital, 15 Ambulatory Center, at 4 na Surgery Center na may 10,000 staff at doktor na nagbibigay ng pangangalaga sa 500,000 pasyente sa County ng Alameda, Contra Costa, at Solano.

Dating naglingkod si Mr. Boyo bilang Chief Operating Officer ng San Francisco General Hospital (SFGH) – ang nag-iisang Antas 1 na Trauma Center, Psychiatric Emergency Center, at pinakamalaking Primary Care Center sa Lungsod. Noong pandemya, nagserbisyo siya bilang Chief of Operations para sa Command Center Laban sa COVID-19 ng Lungsod. Bago ang kanyang mga tungkulin sa SFGH, pinamunuan ni Mr. Boyo ang Ambulatory Network ng San Mateo Medical Center. Si Mr. Boyo ay isang Fellow na Sertipikado ng Lupon sa Pamamahala ng Pangangalagang Pangkalusugan, at ang kauna-unahang nagtapos sa Programang Master of Public Health ng Montclair.

“Lubos kong ikinagagalak na maging bahagi ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alameda Alliance. Nagbibigay ang pagtatalagang ito ng natatanging oportunidad na padaliin ang access ng pasyente at alisin ang mga pagkakaiba-iba sa kalusugan sa County ng Alameda. Hindi na ako makapaghintay na paglingkuran at tugunan ang mga pangangailangan ng pinaka-diverse na county saa U.S.” sabi ni Mr. Boyo, ang katatalaga lang na Miyembro ng Lupon ng Alliance.

Para matuto pa tungkol sa Alliance, bisitahin kami sa http://alamedaalliance.org/.

###

**Tungkol sa Alameda Alliance for Health**

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng County ng Alameda. Ang Alliance, na itinatag noong 1996, ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Ipinapakita ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 400,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).